

Prologue



Maingay ang dining room sa mansion ng mga Martinez. Maliwanag ang ilaw ng malabarkong chandelier sa loob ng silid at punung-puno ng pagkain ang lamesang walong metro yata ang haba. May roast turkey, salad, paella, hamonado, at keso.

Ngayon ang 74th birthday ng batikang architect na si Manolo Martinez, isang presidential awardee at isang grand mason. Imbis na maghanda nang bongga sa isang hotel ay ang mga anak at apo lang ang inimbita ng matanda para sa isang salu-salo sa kanilang bahay.

Dumating ang kanyang mga anak maliban sa dalawang nasa Amerika at ang delinkwente niyang bunso na nalulong sa droga. Ang bunsong si David ang kalbaryo niya sa buhay. Masyado kasing na-spoil ng kanyang namayapang asawa kaya napariwara. Ilang ulit na niya itong itinapon sa rehab ngunit wala pa rin kaya hinayaan na lang niya ito sa buhay nito.

Ipinaimbita naman niya si David sa sekretarya ngunit hindi ito dumating. At tulad ng dati, ang panganay na anak nitong si Lilith ang dumalo

para i-represent ang ama. Pinapupunta ito ng mga magulang sa kanya dahil siya ang nagpaaral dito.

Hindi na siya kumain ng dessert. Tinawag ni Manolo ang anak na si Margarita para kausapin ito sa study.

“I have promised Segundo Bagaid that I’d marry one of my daughters to one of his sons. Ako ang taong may isang salita. Kung nagkaroon sana ng anak na lalaki si Segundo ay ikaw na ang ipinakasal ko doon.”

Malakas na humalakhak si Margarita. “Really, Papa?! That’s so funny! Have you seen kung gaano kapangit ang mga Bagaid na ’yan? Segundo is ngongo. Ang mga anak niyang sina Mildred at Lilibeth ay mga ngongo rin. Kung nagkaanak ng lalaki si Segundo at ang asawa niya, siguradong ngongo rin ’yon!”

“Kaya nga pinapunta kita dito dahil ang panganay mong si Caroline ang ipapakasal ko sa apo ni Segundo.”

“What?!” naeskandalong tanong ni Margarita. “Never! Hindi ko ipapakasal ang anak ko sa mga Bagaid. Over my dead body, Papa! Baka magkaapo pa ako ng ngongo niyan, eh!”

Hindi nakaimik ang matanda.

Si Margarita ang pinakamaganda niyang anak at si Caroline ang pinakamaganda niyang apo.

Mukhang ang dalawa rin ang pinakamahirap na mapapayag. Tinawag niya ang anak na si Viola dahil may anak din itong dalagang dentista, at mas reasonable ito.

“Hay naku, Papa, may nobyong dentista si Mabel. Maganda ang kita n’ung lalaki. Bakit ko pa siya ipagkakasundo sa anak ni Segundo?”

Dahil walang napala, tinawag ng arkitekto ang panganay na anak na si Miguelito dahil may anak itong dalagang photographer.

“Papa, hindi pa ba obvious na tomboy ang anak ko?”

Muling binilang ni Don Manolo ang mga apo. May apo siyang dalaga kay Nely ngunit nag-aaral pa ito sa college. Mga bata na ang iba.

May isa pa pala... si Lilith.



Chapter One



Tahimik lang na kumakain si Lilith sa tabi ng pinsan niyang si Piccholo. Hindi siya komportable kapag kasama ang mga pinsan dahil hindi tulad ng mga ito, hindi gaanong marangya ang buhay nilang mag-anak. Hindi kasi maalis-alis ang bisyo ng ama kaya ang ina na lang ang mag-isang nagtaguyod sa kanila.

Dati wala talaga silang komunikasyon sa pamilya ng tatay niya dahil ayaw makipag-usap ng ama niya sa mga ito. Nag-umpisa lamang siyang pumunta-punta sa mansion ng lolo niya noong nagkolehiyo siya dahil ang matanda ang nagpaaral sa kanya sa kursong Management.

“Oh my god! Have you heard? One of us is gonna marry a Bagaid?” tanong ng Ate Caroline niya sa mga pinsan.

Napatutok siya sa usapan dahil nagtawanan ang lahat.

“That ngongo?!” tanong ng pinsan niyang si Angeline sabay tawa. Second year college student ito na kumukuha ng Business Ad at paborito ng lolo nila dahil sobrang talino.

“Ngongo rin ang mga anak niya na sina Mildred

at Lilibeth,” sabi ng kanyang Tita Margarita. “Do you remember noong high school tayo, Viola? Si Mildred ang paboritong i-bully sa school dati.”

Natawa si Viola. “Ngongo nga si Mildred na ’yon pero malandi ’yon! Mahilig sa lalaki. The last news I heard was that bago na naman ang asawa niya.”

“Mabuti pa siya at nakarami!” sabi ni Margarita.

Hindi na narinig ni Lilith ang ibang parte ng usapan dahil ipinatawag na siya ng lolo niya sa study. Kinumusta lamang naman nito ang ina niya at sinabihan siyang bibisita ito sa kanila sa susunod na Sabado.

“Sige po,” ang sagot niya bago bumalik sa hapag-kainan.



Tahimik na ang kanilang kalye at tahol na lang ng mga galang aso ang maririnig nang isara ni Lilith ang bintana ng kuwarto. Tinapos muna niya ang report bago nagpasyang matulog. Pagkatapos kasi ng graduation niya last year ay pumasok siya sa furniture company ng lolo niya bilang management trainee. Nagtatrabaho siya nang maigi para walang masabi ang matanda tungkol sa kanya.

Pagbaba niya mula sa kanyang kuwarto, ang ilaw na lang sa kusina ang naka-on. Medyo nanibago siya dahil palaging nag-o-overtime ang mga tauhan ng mommy niya para maghabol ng

mga orders para kinabukasan. Kakanin kasi ang negosyo ng ina.

Malaki naman ang kita ng kanyang ina; marami kasi itong customers na mga cafés at restaurants. Ang problema nga lang ay pito silang magkakapatid at ang mahal ng tuition sa mga eskwelahan nila. Gusto rin kasi ng ginang na sa magagandang eskwelahan sila pumasok kaya kinausap nito ang lolo niya para humingi ng tulong. Pumayag naman ang matanda dahil magaan ang loob nito sa kanyang inang si Flora. Pursigido kasi ang mommy niya. Peste lang talaga ang bisyo ng ama ni Lilith kaya hindi sila umunlad-unlad.

Nitong nagdaang buwan nga ay ibinalik uli nila ang ama sa rehab para matahimik uli ang pamilya nila, bagay na mukhang hindi pa alam ng lolo niya dahil ipinaimbita nito ang tatay niya sa sekretarya para sa pagtitipon kanina.

Naapektuhan kasi ang mga grades ng mga kapatid niya sa tuwing dadalhin ng ama ang problema nito sa bahay.

Pagpasok niya sa malapad nilang kusina ay ang mommy na lang niya ang naroroon at naglilinis na ito ng mga gamit. Mukhang tapos na ang mga kailangan nitong gawin dahil pinauwi na ang apat nitong alalay at punung-puno na ng mga bilao ng sapin-sapin ang mesa.

“Nag-usap kami ng lolo mo. Nagtatanong ang matanda kung may nobyo ka dahil irereto ka niya sa apo ni Segundo Bagaid,” sabi ng ina.

“Naku, ayaw ko. Ngongo daw ’yon sabi nina Ate Caroline!”

“Eh, ano ngayon kung ngongo kung maganda naman ang trabaho at maganda rin ang kalooban? Tingnan mo ’yung ama mo, guwapo nga, sira naman ang ulo. Kaibiganin mo ’yung binata at malay mo... Minsan nga lang humihingi ng pabor ang lolo mo sa atin kaya huwag mo nang tanggihan.”

Kibit-balikat ang sagot ni Lilith. Sa totoo lang, hindi siya mahilig sa guwapo; mas mahalaga sa kanya iyong disente. Pero huwag naman iyong may diperensya.

Paano naman sila maghahalikan niyon kung may giwang ang bibig?

Pero sobrang yaman ng mga Bagaid, ha. Hamak na mas mayaman ang mga ito kaysa sa lolo niya. Sigurado siyang naipaayos na ng lalaking iyon ang bibig nito.



Ang sarap ng tulog ni Matt nang magising dahil napaso siya sa matinding sikat ng araw. Tinakpan niya ng unan ang mga mata.

“Matt, ’Weetie, wake up na!” gising ng ina sa

kanya habang binubuksan ang mga kurtina sa malapad na suite na nakadungaw sa siyudad ng Rio de Janeiro. “The fun is over. ’Ou need to go to the Philippines.”

Wala nang nagawa si Matt kundi ang imulat ang malalalim na mga matang namana niya sa Brazilian na ama. “Are you and grandpa really serious about hitching me with a Martinez girl? I looked the family up in *Facebook*. They all look like a bunch of boring people.”

Isang mabait na ngiti ang binigay ng ina. “Filipinas are just like that, demure and not that outgoing like the Latinas, but we are mabait.”

Kunot na noo ang ibinigay niyang sagot dito.

“Your lolo rarely asks for favor from us. Just try to befriend the girl. Who knows, ’ou might like her? If you like her, then great. If not, it’s okay.”

Dumerecho na lang si Matt sa banyo para maligo. May dini-date siya ngayong Colombian photographer na nakilala niya sa New York, super sexy at ang haba ng legs.

Parang okay na sa kanya iyong Colombiana, magaan kasama at game sa lahat ng bagay.

Ewan ba niya sa pamilya niya kung bakit pumapayag ang mga ito sa mga kasunduang ganyan. Akala niya sa mga Middle Eastern countries lang iyon ginagawa; sa Pilipinas din

pala. Pumayag na lang siya dahil hindi naman namimilit ang lolo niya. Ang gusto lang ng matanda ay kaibiganin niya ang apo ng matalik nitong kaibigan. At tulad nga ng sabi ng mommy niya, depende ang lahat kung magugustuhan nila ang isa't isa. Sigurado siyang hindi mamimilit ang mga ito kapag hindi niya natipuhan ang babae.

Paglabas niya ng banyo ay nandoon pa rin ang ina, naghihintay. Nakalatag na sa sahig ang nakabukas na luggage bag. Mukhang wala talaga siyang kawala sa mga ito. Napapailing na lang siyang kumuha ng mga damit sa aparador.

Siguro nga kailangan na niyang pumunta ng Pilipinas. Nangako kasi siya sa lolo niya na siya ang mamamahala sa mga negosyo nito. Graduate siya sa kursong Physics sa isang unibersidad sa States at nakapagtrabaho sa isang airline manufacturing company sa New York, ngunit sa pang-eengganyo ng kanyang lolo ay nag-aral siya ng Business Administration.

Bakit daw hindi siya magsimula ng sarili niyang aircraft manufacturing company sa Pilipinas? Mas mabuti raw na magpagod sa sarili mong kompanya kaysa sa magpagod para sa ibang tao. Makakapagbigay pa siya ng maraming trabaho sa Pilipinas kapag lumago ang kanyang negosyo.

Hindi na kailangan pang bumili ng ticket ni

Matt dahil naayos na pala ng ina ang lahat. Isang linggo lang ay lalarga na siya papuntang Pilipinas.

Inubos niya ang nalalabing araw sa walang katapusang mga despedida parties mula sa kaibigang kinalakihan sa kanilang dating pad noong nagsasama pa ang mga magulang, mula sa mga kaklase noong high school at elementary at pati iyong sa mga naging teammates niya sa amateur soccer team dito sa Rio de Janeiro.



Chapter Two



Mismong ang Lolo Segundo ni Matt ang sumundo sa kanya sa airport. Excited ang matanda habang ikinukuwento nito ang mga posibilidad dito sa Pilipinas.

“Mahirap ’an ang Pinas ’ero it’s an advantage. Sobrang mura sweldo ’ito.”

Noong bata si Matt, napansin niya rin ang pagkakaiba ng kanyang lolo, ina at tita dahil mga ngongo ang mga ito. Pero hindi iyon kailanman naging isyu sa kanya at hindi niya kahit minsan ikinahiya ang mga mahal sa buhay. Napansin niya lang na kuwela at makuwento ang mommy niya sa mga taong malapit dito, ngunit mahiyain ito sa ibang tao. Mayroon itong inferiority complex.

Naipaayos naman nito ang hiwa sa bibig. Iyon nga lang, depektibo pa rin ang pagsasalita nito. Iba ang lolo niya. Wala itong inferiority complex, at malakas ang kumpyansa nito sa sarili. Pero naukuwento sa kanya ng matanda dati na noong bata ito, conscious din ito sa bibig na may hiwa. Kinalimutan na lang nito ang kapansanan nang magbinata. Wala raw kasi itong mararating kapag hiya lang palagi ang inatupag.

“I prayed hard to God, Matt, ’hat none of my apos will have a ’eft lip. And look how guwapo you are,” ang palaging sinasabi sa kanya ng lolo niya noong bata siya.

Hindi nga siya ngongo. Ang pinsan niyang si Emily ay hindi rin ngongo.

Pagdating nila sa mansion ng lolo niya ay isang buong litson ang nakahanda sa mesa. Dumating din ang ilang mga kamag-anak nila para salubungin siya. Habang abala ang lahat sa pagkain ay kinalabit siya ng kanyang lolo.

“You should invite, Lilith ’artinez. Napakabait niyang bata. Bisitahin ’o siya minsan sa kanila.”

Ngiti na lang ang ibinigay niya rito. Ayaw talaga niyang mangako, pero susundin ni Matt ang payo ng lolo niya na kaibiganin ang dalagang Martinez para hindi naman sumama ang loob ng matanda.



Nang sumunod na araw ay ibinigay sa kanya ng lolo niya ang address ni Martinez girl. Hindi niya agad pinuntahan dahil gumala pa siya sa siyudad para i-familiarize ang sarili roon. Para rin ngang South America ang Manila. Hindi ganoon kalaki ang kaibahan ng mga kultura dahil pareho ring nasakop ng Espanya ang Pilipinas tulad ng ibang mga bansa sa South America.

Ang kinalakhan niyang Brazil ay naging colony

naman ng Portugal. Portuguese ang national language doon kaya magaling siyang mag-Portuguese.

Hinintay muna ni Matt ang Linggo bago nagpahatid sa driver nila papuntang Antipolo. Ang inaasahan niya ay isang exclusive subdivision ang kanilang pupuntahan dahil nabasa niyang sikat na arkitekto si Don Manolo Martinez. Marami itong naging projects sa Dubai at sa Australia. Kapag ganoon kabatikan, siguradong may kaya. Ngunit isang pang-middle class na komunidad ang kanilang tinunton at huminto sila sa isang maliit na bungalow sa bandang dulo. Sabagay, mukhang malinis naman ang paligid at makulay rin ang hardin ng mga ito kahit paano.

Nag-doorbell siya at isang batang babae ang nagbukas ng gate.

“Ate Lilith, nandito na si Mr. Lucas!” sigaw ng isang maganda at tsinitang batang babae.

“Papasukin mo!” sigaw ng isang babae mula sa loob.

Pinagbuksan siya ng bata ng gate at sinabayan niya itong maglakad sa Bermuda papunta sa pintuan.

Isang payak ngunit malinis na bahay ang napasukan niya. May leather sofa set at iilang figurines na maayos na nakahanay sa isang glass

display cabinet. Iisang silid na rin ang sala at hapag-kainan ng pamilya.

“Pasok ka doon!” Itinuro ng bata kay Matt ang isang pintuan. Pumasok siya roon at bumungad sa kanya ang malawak na kusina. May malaking industrial oven at food steamer doon. May isang babaeng abala sa paghahalo ng kanin at asukal sa malaking kawali.

“Mr. Lucas, sorry. Akala ko po mamayang alas tres n’yo pa kukunin ang order ninyong puto at biko,” sabi ng babaeng singkit din ang mga matang katulad ng sa bata. Maganda ito, hanggang balikang buhok at balingkinitan ang katawan. Maliit nga lang ito, siguro mga 5’2”.

“Makakahintay pa po ba kayo?” patuloy ng babae. “Mga kalahating oras pa ito. Upo na lang po kayo diyan sa silya.”

Tumango si Matt. Magpapakilala sana siya ngunit hindi naman niya alam kung paano ba dapat sabihin dito na apo siya ni Segundo Bagaid at gusto ng mga lolo nila na ipagkasundo sila.

“Wala kasi si Mommy, at Linggo ngayon. Off ng mga tauhan namin kaya ako na lang ang nagluto,” patuloy ng babae. “Sayang din kasi.”

Sa mesa ay may dalawang bilao ng puto na mukhang masarap at umuusok pa sa init.

“Can I try?”

Ngumiti ang babae at tumango.

Kumuha siya ng isa, tinikman iyon at napatangu-tango sa sarap. Marami na rin siyang natikmang puto sa tuwing pumupunta sila sa *Philippine Fair* ng kanyang inang si Lilibeth, ngunit ito talaga ang pinakamasarap na putong natikman ni Matt. Napakalambot at saktong-sakto ang tamis. Lalo pa siyang nabighani nang makagat niya ang cheese.

“What cheese is this?”

“Cheddar cheese. ’Yung *Eden*. Mura nga lang ’yan. Masarap nga lang recipe ni Mommy.”

“Kuha pa ako, ha.” Dumampot pa siya ng isa. Ang totoo kasi, matakaw siya.

“Sige, sa ’yo naman ’yan, eh.”

Habang nagluluto ang babae ay in-interview niya ito tungkol sa buhay nito. Nalaman niyang nagtatrabaho pala ito para sa Lolo Manolo nito. May anim itong kapatid at mahilig daw manood ng mga telenovela galing Korea at ng *Solar Sports*. Varsity raw ito ng soccer nang nag-aaral pa ito sa kolehiyo.

“Do you have a boyfriend?”

“Wala. Pinipilit nga akong magpakasal sa apo ng kaibigan ng lolo ko, eh.”

“Really?” Kumagat muna siya sa puto bago nagtanong. “So how do you find the proposition?”

“Hay naku, ayaw nga ng mga pinsan ko dahil ngongo ’yung lalaki. Kaya nga ako ang pinili nila na ipagkasundo doon dahil ako ang pinakahuling makakahindi sa lolo ko.”

Natahimik si Matt. Ayaw raw dahil ngongo. Nasasaktan siya para sa mga kapamilya. Dahil ba sa ngongo ay hihindian na?

Matagal bago siya muling nagtanong. “Paano kung ngongo nga siya?”

Napasinghap muna ang babae bago sumagot. “Basta lang ba mabait siya at saka malambing. Hindi na siguro magiging isyu ang pisikal.”

Napangiti siya sa tinuran ng kausap. Nakadagdag ng one hundred ganda points ang sinabi nito.

“Mukhang puwede na nating balutin ang biko,” sabi ng babae nang lumamig na ang niluto nitong biko. Binalot nito ng foil ang bilao at pagkatapos ay kumuha ito ng calculator at nag-compute. “Seven hundred fifty lahat.”

Nagbigay siya ng isang libong buo at hindi na kinuha ang sukli nang iniaabot nito iyon. Tinulungan siya nitong buhatin ang isang bilao papunta sa sasakyan.

“Salamat,” sabi nila sa isa’t isa bago niya isinara ang pinto ng sasakyan. Sa tingin niya, babalik pa siya rito. Mukhang mabuting babae ang isang ito.

Masarap kausap, masarap magluto at maganda pa.



“Miss, paano na lang ngayon ang anniversary party namin? Mapapagalitan ako ng boss ko nito, eh!” Galit na galit ang tono ng totoong Mr. Lucas kay Lilith.

Hindi makapaniwala ang dalaga. Sino iyong lalaki kanina na nagpakilalang Mr. Lucas? Kinilig nga siya dahil ang guwapo at ang tangkad pa, pero manloloko pala. Paano na ito ngayon?

“Ano na?! Paano na?!”

Hindi niya alam kung ano ang isasagot dahil parang mag-aamok na si Mr. Lucas. Mukhang barumbado pa naman ang hitsura nito. Mabuti nga at dumating ang mommy niya. Ito na ang humingi ng pasensya.

“Mommy, may dumating kasi talaga dito kanina na lalaki,” sabi ng kapatid niyang si Mimi sa ina nila, at kay Mr. Lucas na rin. “Tapos kinuha niya ’yung mga bilao.”

Wala nang nagawa ang lalaki kundi padabog na umalis.

Pinagalitan si Lilith ng mommy niya. “Ang tanga-tanga! Hindi mo man lang ba itinanong kung sino ’yung lalaki bago ka nagbigay ng order doon?”

“Mukha naman kasing disente. Mamahalin pa ang sasakyan. Malay ko!”

“Katangahan ’yan!” Hindi talaga matapos ang dakdak ng ina niya. Pati ang mga mali niyang nagawa noon ay inulit-ulit na ipinaalala sa kanya.

Nag-ayos na lang si Lilith para makasimba at makapunta sa mall sa gayon ay makapagpalamig ng ulo. Makita niya lang ang lalaking iyon, tatadyakan niya talaga sa b*yag. Parang gusto niyang basagin ang salamin sa silid nila dahil sa sama ng loob.



Tahimik na umiinom sa isang bar sa Timog si Matt nang may maupo sa tabi niya at nakipagkuwentuhan. Nagpakilala ito bilang si Amanda at sinabing half-German daw ito at isang commercial model dito sa Pinas. Niyaya siya nito sa kabilang bar kung saan puwede umano silang maglaro ng foosball at doon siya nakitambay kasama ng mga kakilala ng babae.

Suwerte niya dahil mga kiteboarding enthusiasts din ang mga ito na tulad niya at nagpaplanong pumunta ng Boracay sa susunod na buwan. Nagsabi siya sa mga ito na sasama. Pagdating ng uwian, sumama siya kay Amanda at sa pad ng babae siya natulog.

Alas seis ng umaga nang tumunog ang cell phone niya.

“Matt, where ahh you?” tanong ng lolo niya

mula sa kabilang linya. “I’ll be taking ’ou to the office today.”

Nagmadali siyang tumayo mula sa kama. Mahimbing pang natutulog si Amanda. Kinuha niya ang mga damit na nagkalat sa sahig at mabilis na nagbihis bago bumaba sa parking lot. Doon nakaparada ang sasakyan niya. Humingi siya ng paumanhin sa abuelo. Sinabihan naman siya nito na sumunod na lang doon sa opisina.

Umuwi muna siya sa tinutuluyan, mabilis na naligo at nagbihis ng business suit bago muling nagmaneho papunta sa opisina ng lolo niya sa Makati. Nahihiya siya sa nangyari ngayong umaga, napaka-unprofessional. Mabuti sana kung twenty years old pa lang siya. Pero naglamierda siya kagabi gayong may pupuntahan siyang trabaho kinabukasan. He was twenty-nine. Dapat ayusin na niya ang buhay niya.

Isang twenty-story building ang gusaling pagmamay-ari ng lolo ni Matt. Idinisenyo iyon ni Architect Martinez para magmukhang glass monolith na purong tinted na salamin ang facade. Sa totoo lang, gusto niya ang disenyo ng matandang arkitekto. Simple lang iyon ngunit edgy.

Dumerecho siya sa opisina ng lolo niya sa 15th floor at doon inihayag ng matanda ang bago nitong planong magtayo ng condotel sa *The Fort*. Na-

excite rin siya dahil maganda ang proposal na isang tropical oasis na pinapagitnaan ng dalawang gusali.

“You help me in ’is, apo, and I’ll help ohh in your airplane manufacturing.”

“Sure, ’Lo,” sabi niya.

Maraming ipinaliwanag sa kanya ang matanda tungkol sa project at pareho silang masyadong excited kaya inabot sila ng lunch time sa pagkukuwentuhan tungkol doon. Niyaya siya ng abuelo na kumain sa labas, at nagtungo sila sa isang Chinese restaurant na nasa Makati lang din. Pagkatapos ay niyaya siya nitong pumunta sa opisina ni Architect Martinez dahil titingnan nila kung tapos na ng team nito ang ibang plano.

Sumama siya sa opisina ni Don Manolo sa Pasig at doon niya nakilala ang arkitekto. Magiliw itong kausap at bungisngis tulad ng lolo niya. Malapit na raw nitong matapos ang plano at iyon ang pinag-igihan niyang pag-aralan sa drafting table na malapit sa bintana.

Nagpaalam lang si Matt sa dalawa nang mangating manigarilyo. Lumabas siya sa hallway at naghahanap siya ng smoking area nang may tumapik sa likod niya.

“Sa wakas at nakita rin kitang gago ka!” Isang galit na galit na daliri ni Lilith Martinez ang nakaduro sa kanya. “Dahil sa ’yo kaya ako

binungangaan ni Mr. Lucas! Asan ang mga bilao ko? Ibalik mo 'yon! Ibalik!”

Binigyan niya ito ng hindi makapaniwalang tingin. Paano niya ibabalik iyon, eh, inubos na nila ng lolo niya at ng mga katulong nila sa bahay?

“Sinungaling! Magnanakaw!”

Napailing si Matt sa mga narinig sa babae.

“Ibalik mo 'yon o ipapapulis kita!”

“Shut up!” sigaw niya rin dito. “What’s your problem?”

Sandaling natahimik ang babae sa sigaw niya pero nakabawi rin. “Bakit mo kinuha ang mga puto, eh, hindi pala ikaw ang nag-order n’un? Bakit nandoon ka sa bahay n’ung araw na ’yon? Siguro magnanakaw ka, ano?”

Mabilis siyang nag-isip ng rason. “A friend suggested your place. She said you made the best kakanin so I came to visit. And it was you who gave me those bundles, right? As I remember, I paid for them. I didn’t steal them.”

Natahimik ang babae. At mayamaya ay nahihiyang napangiti. “Siguro nga dapat tinanong muna kita bago ko ibinigay ang mga bilao sa ’yo.”

“See?” sabi niya. “Do we still have a problem?”

Umiling ito at nagpaalam. “Sige, alis muna ako. Punta muna akong bangko.”

Binigyan niya ito ng ngiti. Lalo palang

gumaganda ang babae kapag nakabihis. Noong huli kasi nilang pagkikita, mukha itong hindi nakasuklay at gusgusin pa ang suot na T-shirt. Ngayon naka-dress ito na nude-colored at naka-makeup pa. Nanigarilyo muna siya bago bumalik sa opisina ni Architect Martinez.

“Ipakilala natin sila,” narinig niyang sabi ng lolo niya sa arkitekto nang pumasok siya sa opisina nito.

“Sige!” excited din na sabi ni Arch. Martinez. Ipinatawag nito ang apo ngunit wala raw, nagpunta ng bangko.

Ang hindi alam ng dalawa ay nagkita na sila.

